

Pinakamataas na Pagpupugay kay Kasamang Josephine Mendoza: Isang Mahusay na Proletaryong Lider at Kadre ng Partido

Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan
Partido Komunista ng Pilipinas
Nobyembre 15, 2023

Noong Nobyembre 10, 2023, pumanaw si Kasamang Josephine Mendoza, kagawad ng Komite Sentral ng Partido at ikalawang pangalawang kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan. Naglululksa ang buong Partido sa rehiyon sa kanyang kamatayan. Sa edad na 59 taong gulang, hindi nagmaliw ang matibay nyang pananalig sa kadakilaan at kawastuhan ng simulain ng Partido para sa sambayanang Pilipino. Iniukol nya ang mahigit na apat na dekada ng kanyang buhay sa paglilingkod sa rebolusyon at sa api't pinagsasamantalang masa sa kanayunan at kalunsuran ng rehiyon.



Ang di mayayanig na debosyong ito sa adhikain ng Partido at ng rebolusyongyong pambansang demokratikong kilusan ang nagpanday sa kanyang bakal at nag-aapoy na paninindigang bathin ang lahat ng hirap at sakripisyo at ihandog ang kanyang tanging buhay para sa paglaya ng bayan mula sa kuko ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay at habang nakaratay sa banig ng karamdaman, mga gawain at mga kasamang kanyang pinamumunuan ang kanyang inaalala.

Nakikiramay ang Partido sa pamilya, anak at kaanak ni Kasamang Victoria Mirayan, ang piniling pangalan sa Partido ni Ka. Josephine. Subalit, higit siyang kilala ng masa at mga kasama sa iba't ibang pangalang

kanyang ginamit sa iba't ibang panahon: siya'y si Kasamang Nene sa masang magsasaka sa Mindoro Occidental; Ka Marta at Luisa sa mga katutubong Mangyan at masa sa Mindoro Oriental; Ka Minerva at Sandy sa mga kasama, masa't alyado sa demokratikong kilusan sa kalunsuran; at Ka Raki sa kanyang mga katuto sa Ikalawang Kongreso ng Partido kung saan siya'y nahalal na regular na kagawad ng Komite Sentral.

Hindi masusukat ang labis na pagdadalamhati ng Partido at mga kasama sa pagpanaw ni Ka Sandy. Nawalan ang Partido at rebolusyon ng isang mahusay na proletaryong lider at organisador, dedikadong kadre at mapagmahal na kasama.

Inspirasyon at tinitingala si Ka Sandy ng mga naging kasama nya dahil sa mataas nyang dedikasyon sa gawain, pagiging metikulosa sa ditalye at kapursigihang tupdin ang mga iniatang na tungkulin ng Partido. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, di mabilang ang mga bagong sibol na kadre ang kanyang sinanay. Mahusay siyang propagandista, ahitador at edukador; palagian niyang isinusulong ang pagkakaisa ng Partido at matatag na nilalabanan ang anumang mapanghating tendensya lalo sa panahong nakikipaglaban ang buong Partido para sa buhay nito mula sa mga panghahati ng mga paksyunalistang taksil. Maaruga siya sa mga kasama at

palaging nagbibigay ng pansin sa kapakanan, kalusugan at pangangailangan ng mga kasama higit kaysa sa kanyang sarili. Ang di makasariling katangiang ito ang naglapit sa kanya sa mga pinamumunuan niya para siya'y mahalín, respetuhin at tularan tulad ng walang kundisyon na debosyon at pagmamahal na iniukol nya sa Partido at kilusan.

Si Ka. Sandy ay produkto ng pagsiklab ng mga pakikibaka laban sa diktadurang US-Marcos noong dekada 1980. Namulat siya sa eskwelahan at sumapi sa Kabataang Makabayan noong 1982. Naging Kandidatong Kasapi siya ng Partido noong 1984 at makalipas ng dalawang taon ay sumumpa bilang Ganap na Kasapi ng Partido noong 1986. Sumapi siya sa Bagong Hukbong Bayan sa kanyang kabataan noong 1984 at nagpatuloy na kumilos sa sonang gerilya ng Mindoro hanggang 1994 kung saan gumampan siya ng samu't saring gawain at katungkulan bilang kagawad ng istap sa propaganda-edukasyon; manunulat at nasa *editorial board* ng dyaryong Alab; pinuno ng *special alliance* at *finance* ng Isla; kagawad ng komiteng larangan; at kinalaunan bilang kagawad ng Komite sa Isla ng Mindoro.

Noong 1994, itinalaga siya sa isang panrehiyong gawain sa labas ng Mindoro. Isa siya sa ipinadala para ihanda at pasimulan ang pagbubukas ng sonang gerilya sa Palawan. Tumayo siyang pangalawang kalihim ng Komite sa Isla sa Palawan na nagtagumpay ipundar ang tatlong sonang gerilya dito bago siya muling inilipat sa ibang gawain kung saan siya kinailangan.

Pinatunayan ni Ka Sandy ang natatanging kahusayan nya sa crisis management kung saan ipinadala siya ng Partido sa mga problemadong bahagi ng organisasyon upang kumpunihin at kalasin ang mga bara.

Instrumental ang naging papel nya sa muling pagpapasigla ng mga pakikibaka sa kalunsuran ng rehiyon sa yugto ng

KALATAS Setyembre 2023 ISPESYAL NA ISYU

Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.

Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:



dagundong.tk@gmail.com



archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

pagpapalakas ng Partido sa TK sa panahon ng IDKP. Pinamunuan nya ang pag-oorganisa ng unang mahabang martsa mula TK tungong Kamaynilaan sa panahon ng pagputok ng pinansyal na krisis sa Asia noong 1997 at mga kasunod na malalaking protesta at kilos-masa sa kalunsuran ng TK sa panahon ng magkasunod na paghahari nina Estrada, Arroyo, B.S. Aquino at Duterte.

Sa panahon ng pakikibaka para sa pagpapabagsak kay Estrada, idinirehe nya ang pagbuhos ng masa mula TK sa mga mobilisasyong masa sa Kamaynilaan at ang pagpapalahok ng mga panggitnang pwersa at masang manggagawa't magsasaka sa mga pagkilos sa punong kabisera ng bansa na nahinog sa Edsa II. Pinakatampok dito ang Martsa ng Mahihirap para Patalsikin si Erap at mga kasunod na sakay-lakbay at *protest camps* bilang namumukod na mga pagkilos na malakas na nagtulak ng koordinadong mga protesta.

Mahalaga ang naging ambag nya sa pagtatambol sa punong kabiserang rehiyon ng mga paglabag sa karapatang pantao sa TK ng pasistang AFP at estado. Sa panahon ng pananalasa ng berdugong si Palparan at mararahas na pagsupil ng rehimeng Arroyo sa balangkas ng OBL I at II, matama nyang sinubaybayan ang paglulunsad ng mga *protest camps* sa mga *choke points* at iba't ibang anyo ng pagkilos ng masa sa Calabarzon upang malakas na itambol ang pasismo ng estado, pukawin at pakilusin ang libu-libong masa para labanan ang pasismo. Bawa't kaso ng paglabag ng berdugong AFP ay naisasalin nya sa isang pampulitikang laban ng masa at malikhain nyang nabibihisan upang patampukin at itambol ang mga labang ito sa sentro ng publikong opinyon at tuhugin sa iisang sinulid ang iba't ibang isyu at laban ng masa bilang laban ng buong sambayanan.

Sa panahon ng paghahari ni BS Aquino, Jr., pinamunuan nya ang pag-oorganisa ng

mga pakikibaka at kampanyang masa sa TK laban sa Oplan Bayanihan, interbensyong militar ng US sa bansa, laban ng mga detenidong pulitikal, pagkasira ng kalikasan at kabuhayan ng mamamayan bunga ng mga dambuhalang mina at *mega infrastructure projects* ng rehimen, pagtatayo ng *naval base* ng US sa Oyster Bay sa Palawan at marami pang iba.

Sa pag-akyat ni Duterte sa kapangyarihan, pinangasiwaannya ang malalaking laban para itambol sa opinyong publiko ang karahasan ng AFP, EO70, ATL at pag-atake ng NTF-ELCAC sa mga progresibo at demokratikong kilusan at organisasyon. Matama nyang sinubaybayan ang bawat laban—maliit man o malaki—at di nawawala ang kanyang mahabang kamay para magbigay ng napapanahong instruksyon at gabay sa mga pwersang tuwirang humaharap sa mga kaaway ng mamamayan.

Habang ilang araw na nakikipaglaban para sa kanyang buhay, mga gawain pa rin at mga kasama ang kanyang iniisip. Para payapain siya, ibinulong sa kanya ng kanyang tagapagalaga na “huwag nang alalahanin ang mga gawain at maging panatag na mailalagay sa ayos ang lahat dahil nakapagsanay na siya ng maraming hahalili at aako ng maiiwan nyang responsibilidad.”

Dakila ang buhay ni Ka Sandy at puno ng pagpapakasakit para sa masa at rebolusyon. Habang panahon maitatak ang kanyang ambag sa Partido at rebolusyon at ang partikular na bahagi nya sa pagsulong at pagpapasigla ng demokratikong kilusang masa sa rehiyong TK.

Mabuhay ang dakilang alaala ni Ka Sandy!

Ibaling ang pamimighati sa rebolusyonaryong katapangan!

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!

Mabuhayang rebolusyon at sambayanang Pilipino ☒